
# May Kambal sa Bukirin



Kuwento ni:
Cherry Z. Payumo

Guhit ni:
Erwin H. Iruma









*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nababasa ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas. F3PP-IIe-g-2.4*





DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: **Cherry Z. Payumo**

Guhit at Lapat ni: **Erwin H. Iruma**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

PAMPANGA


May Kambal sa Bukirin

Napakapayak ng buhay sa bukid. Presko, malinis ang hangin at payapa ang paligid. Malawak ang *parang* at maraming mga paru-parong nagliliparan. *Parang* mga batang naghahabulan sa damuhan. Hindi man sagana sa mga *mahal* na materyal na bagay, subalit maraming mga karanasan dito ang maibabahagi sa mga *mahal* sa buhay.

Kahit *pala* lang ang gamit, marami na *pala* ang maitatanim na mapakikinabangan sa mga susunod na araw. Sa bawat *bukas* na hinihintay, dapat lang na *bukas* sa kalooban na tanggapin anuman ang hamon ng *buhay*. *Buhay* sa isip ng mga mamamayan ng ganitong lugar ang pagtanggap sa mga biyaya ng kalangitan.



Sa ganitong kapaligiran lumaki ang kambal na sina *Mina* at Mira. Sa bukid na sila pinanganak at dito na rin sila nagka-isip. Ang bukirin para sa kanilang magkapatid ay mistulang may *mina* ng kasaganahan at kaligayahan.

Sa tuwing pagtilaok ng tandang sa umaga, bumabangon na ang magkapatid upang tumulong sa kanilang mga magulang sa paghahanda ng kanilang *agahan*.

"Mga anak, *agahan* ninyo ang paghahain upang agad kong masimulan ang aking trabaho sa ating mga pananim," pakiusap ni Mang Kardo.

"Opo, Tatay!" sabay na sagot ng kambal.

Si Aling Mameng naman ay magiging abala sa mga gawaing bahay pagkatapos nilang mag-almusal.



Magsisimula nang maghanda sa pagpasok sa paaralan ang magkapatid. Kailangan din nilang maging maaga dahil nilalakad lamang nila ang patungong eskwelahan na nasa bayan pa.

"Mga anak, handa na ang maligamgam na tubig, maaari na kayong maligo," ang wika ng kanilang ina. "Kung maari ay ilagay ninyong mabuti ang *tapon* ng bote ng shampoo at baka *matapon* na naman ang laman kagaya kahapon," dugtong pa ni Aling Mameng.

"Opo, Nanay, at pasensya na po sa aming kapabayaan. Hindi na po mauulit," hinging paumanhin ni Mira. At masigla nang nagtungo sa paliguan ang kambal.



Pagkagayak ng magkapatid, nagpaalam na sila sa kanilang mga magulang at sabay na silang lumabas ng kanilang bakuran.

Napakagandang pagmasdan ng dalawa dahil halos parehong-pareho ang kanilang itsura.  Tanging ang *balat* sa ibabang bahagi ng kaliwang tainga ni Mina ang tanging pagkakakilanlan nila.  Maliban doon ay hindi mo na mawari kung sino si Mira at kung sino si Mina.  Parehong makinis at morena ang kanilang mga *balat*.  Tuwid, mahaba, maitim at makinang din ang kani-kanilang mga buhok.  Sa tangkad at hugis ng katawan ay wala rin silang pagkakaiba.  At higit sa lahat, ang kambal ay parehong marikit.



Kung kaya't ang kanilang mga kanayon ay *giliw* na giliw din sa kanila.  Bukod kasi sa magaganda sila, may mabubuti rin silang pag-uugali. Hindi pa kasama riyan ang kanilang pagiging matalino.  Maliban kasi sa pagiging masipag nila sa mga gawaing bahay ay matitiyaga rin silang mag-aral ng leksyon.  Kaya naman tinuturing din silang mga *giliw* sa kanilang bukirin.



Pagdating nila sa paaralan ay sisimulan na nila ang naka-atang na mga tungkulin sa kanila.  Si Mina ay magpupunas ng mga aklat sa estante habang si Mira ay magwawalis sa silid-aralan.

"Mira, tapos na tayo sa ating mga tungkulin, umupo na tayo sa ating pwesto at maya-maya lang ay darating na ang ating guro," paalala ni Mina.  "Oo nga, halika na," sang-ayon ni Mira.

At ilang saglit nga lang ay dumating na ang kanilang guro sa ikatlong baitang at nagsimula na ang klase.

Masigasig na nakakasagot sa mga talakayan ang magkapatid at palagi silang nauunang matapos sa mga gawaing pangsilid-aralan.



Natapos nang matiwasay ang buong maghapon sa paaralan.

Araw ng Biyernes iyon, kung kaya't masasaya ang lahat ng mga bata dahil Sabado na kinabukasan at walang pasok sa paaralan.

Sina Mina at Mira ay *puno* rin ng saya sapagkat makatutulong sila sa kanilang tatay sa pamimitas ng mga gulay na ititinda ng kanilang nanay sa palengke.

Sa paglalakad pauwi ng kambal, napadako ang pansin nila sa isang tindahan ng damit sa tabi ng isang malilim na *puno*. May nakasabit na magandang damit sa estante ng tindahan.



“Tingnan mo Mina, katulad ito ng bagong damit ni nanay na bigay ni tatay sa kanya noong kaarawan niya,” pahayag ni Mara.

“Marahil ay diyan nabili ni tatay ang niregalo niya kay nanay, Mara,” natutuwang wika ni Mina.

Pagkalampas ng tindahan, ay madadaanan nila ang *bangko* ng bayan. Nakita nila sa gilid ng gusali ang isang matandang lalaki na nakaupo sa isang maliit na *bangko* at matiyagang nagpapakinang ng mga sapatos.

Naalala nila ang kanilang ama na tunay na masipag at matiyaga, matustusan lamang ang pangangailangan ng kanilang pamilya.



Walang katumbas na *bayad* ang sakripisyong ibinibigay ng kanilang mga magulang sa kanila.

"Maging mabubuting tao lamang kayo at magsipag sa pag-aaral, kayo ay *bayad* na sa mga sakripisyong binibigay namin sa inyo ng inyong ina, mga anak." Ito ang palaging tugon ng kanilang ama kapag pinasasalamatan nila sila.

Kung kaya naman, iyon lagi ang kanilang tinatanim sa kanilang *puso* at isipan. Ang maging mabubuti at maging masisipag sa pag-aaral.

Nang malapit na sila sa kanilang munting tahahan, napansin ni Mina ang kanilang puno ng saging. Nakalabas na ang *puso* ng puno at maaari na itong anihin.



*Gabi* na at tapos nang maghapunan ang mag-anak. Habang nagpapahinga sila sa kanilang munting sala, binanggit ni Mina ang kanyang nakita. "Nanay, pwede na pong anihin iyong puso ng punong saging sa ating bakuran. Maari po nating isahog sa iluluto nating sinigang bukas," ganadong wika ni Mina. "Ah, ganun ba? Sige, bukas ay aabangan ko nga si Aling Lita nang makabili ako ng *gabi* na isasahog ko rin sa lulutuin natin," sagot ng nanay nila.

"O, siya, *tayo* na kayo diyan at *tayo* ay magpapahinga na. Maaga pa tayong babangon bukas upang makapamitas ng mga gulay," utos ng kanilang tatay.



Umaga na naman, katulad ng dati, maagang nagising ang mag-anak ni Mang Kardo.

"Ako na ang bahala sa ating agahan, nang agad ninyong matulungan ang inyong ama sa pamimitas ng mga ani," suhestiyon ng kanilang ina.

Mabilis na tumalima ang kambal. Nagmamadali sila sa pagbaba sa hagdan. Ngunit sa hindi sinasadyang pagkakataon ay nasiko sa *baba* ni Mira si Mina. "Aray ko," sigaw ni Mina. "Ayyy, naku! Pasensya ka na Mina," hinging paumanhin ni Mira sabay haplos sa *baba* ng kapatid. "Ayos lang ako," nakangiting sagot ni Mina. Mabuti na lamang at hindi naman gaanong nasaktan si Mina.



Sumunod na sa bakuran ang kambal. Nadatnan nila na naka*upo* ang kanilang tatay habang hinihila ang mahabang *upo*.

Maya-maya pa ay nagwika ito, "Mira, pakikuha mo nga iyong *piko* na isinandal ko sa may silong kung saan kayo naglalaro ng *piko* ng kapatid mo."

"Opo, Tatay," sagot ni Mira. Pagbalik ni Mira, inabot niya ang piko sa kanyang tatay. Inabot naman niya kay Mina ang isang *bato* na ginagamit niyang *bato* sa paglalaro ng piko.

"Mina, heto *pala* ung hinahanap mong pamato sa piko. Nakita ko sa tabi ng *pala* ni tatay."



"Salamat Mira, may magagamit na ako mamayang maglalaro tayo," tuwang-tuwang wika ni Mina.

"Walang anuman," sagot ni Mira.

Tumulong na ang kambal sa pamimitas ng mga gulay. May okra, talong, kamatis, kalabasa, petsay, mustasa, patola, upo at iba pa ang mga naani nila. *Bilang* nila ay humigit kumulang sa sampung uri ng mga gulay ang mga naani nila sa kanilang bakuran.

Tuwang-tuwang ang nanay nila nang magbalik sila sa bahay dala ang masaganang ani. Marami kasi siyang gulay na maibebenta sa palengke. *Bilang* pabuya sa kasipagan ng kambal, ibibili niya ng bagong payong ang magkapatid.



Pagbalik ni nanay mula sa pagtitinda, masayang sumalubong ang kambal sa kaniya. Siya namang bigay ni nanay sa mga bagong payong na pasalubong niya sa kambal. May larawan ng mga prinsesa na *pito* ang bilang ang bawat payong, at may nakasabit pang *pito* sa hawakan ng bawat isa. Kulay pula ang mga biniling payong ni nanay para sa kambal.

Napayakap ang kambal sa kanilang nanay sa labis nilang tuwa at pasasalamat.



Nang *hapon* na, inaayos ni Mang Kardo ang bakod ng kanilang bakuran dahil may *ligaw* na baka na pilit na pumapasok doon.

"Kanino ba *baka* iyon?" tanong ni Aling Mameng.

"Baka iyon ang bigay nung nanli*ligaw* sa anak ni Pareng Kulas na galing sa bansang *Hapon*," sagot ni Mang Kardo.

"Nasira yata ang mga mustasa na bagong *tubo*," sambit ng nanay.

"Oo nga, kaya lalagyan ko ng posteng bakal na *tubo* itong bakod natin upang maging mas matibay," wika ng tatay.



“Itatabi ko muna itong mga punlang *buko* doon sa may silong at baka maabot ng baka at masira pa,” wika ni Aling Mameng habang isa-isang nililipat ang mga punla.

“Maigi pa nga, aalisan ko pa kasi ng *buko* itong mga kawayan na ilalagay ko sa may tarangkahan,” sang-ayon ni Mang Kardo.

Nakita ng kambal na naghahakot ng mga punla ng buko ang kanilang nanay.  Kaagad na tumulong ang mga ito at iniwan muna ang paglalaro ng piko.



Habang abala ang mag-iina sa kanilang gawain, biglang nalanghap nila ang usok na nagmumula sa *siga* ng kanilang kapitbahay na si Aling Sabel. Kasabay niyon ang pagtahol ng alaga nilang asong *siga* kung tumahol.

Masama sa *baga* ng kambal ang usok at baka sumpungin sila ng hika. Kaya't nakiusap si Aling Mameng kay Aling Sabel na kung maari ay patayin na ang *baga* ng siga.

Kaagad namang tumalima ang kanilang kapitbahay.  At laking pasasalamat ng mag-iina dahil maipagpapatuloy na nila ang kanilang ginagawa.



Bilang *tanda* ng pasasalamat at paggalang sa kanilang kapitbahay, na *tanda* pa nila ang kanyang kabaitan simula ng sila ay mga bata pa, binigyan nila siya ng kanilang aning kalabasa.  Sa galak at giliw ni Aling Sabel sa kambal, may binigay din siya sa magkapatid.

"Mira, Mina, halikayo rito.  May pinaglumaang mga *ipit* ang aking dalagang anak.  Heto nga't nilabhan ko," habang inaalis ni Aling Sabel ang mga ito sa pagkaka-*ipit* sa may sampayan.

"Ibibigay ko na ito sa inyong dalawa," sabay abot ng mga *ipit* sa kambal.

"Maraming salamat po Aling Sabel," magkasabay na wika ng magkapatid.



Sa araw-araw na pamumuhay ng mag-anak ni Mang Kardo, bagaman at payak lamang ang kani-kanilang bawat karanasan, maituturing nila na kayamanan ang bawat kabanata ng kanilang buhay.

Ang pagkakaroon nila ng anak na kambal ay biyaya sa kanilang bukirin na kinagigiliwan ng lahat. Yaman ng pamayanan nila ang pagkakaroon ng bugtong na kambal sa kanilang lugar. Kayamanan na hindi matutumbasan ng salapi at higit pa sa mga *mahal* na bato o ginto ang pag-uugali. Kambal na *mahal* ng lahat. Sina Mira at *Mina* ay higit pa sa *mina* ng kayamanan na nakukuha sa kagubatan at kabundukan.






TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**Cherry Z. Payumo:** Kasalukuyang nagtuturo sa V. De Castro Elementary School, Santa Monica, Santa Rita, Pampanga bilang Teacher III

**Erwin H. Iruma:** Kasalukuyang nagtuturo sa San Basilio High School, San Basilio, Santa Rita, Pampanga bilang Teacher III







Sina Mira at Mina ay kambal na mahal ng lahat sa kanilang lugar, isang bukirin na walang materyal na kayamanang maituturing. Ang mabuting pakikitungo ng mga naninirahan doon sa isa't isa ang kanilang nagsisilbing sandata upang maging matiwasay, payapa at payak ang buhay. Ang kambal sa bukirin ay mistulang kayamanan na pinahahalagahan ng bawat isa sa bukirin na nagbibigay ng mahika ng pagmamamahalan at paggalang sa bawat isa.

Sa buhay ng isang mag-anak na may simpleng pamumuhay, tunay na higit pa sa mamahaling bato o ginto ang pagkakaroon ng kambal na anak, na bukod sa maririkit na ay minamahal pa ng lahat dahil sa kanilang angking kabutihang pag-uugali.